## Kuwento 2 : Zaqueo


**Talata sa Bibliya [Luke 19:10]** Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw.

Sa bayan ng Jerico ay nanirahan ang isang punong maniningil ng buwis na tinatawag na Zaqueo. Siya ay hindi katangkaran.
Ang maniningil ng buwis ay kumukolekta nang pera mula sa mga tao.
Si Zaqueo ay naniningil ng buwis hindi lamang sa mga mayayamang tao kundi pati nadin sa mga mahihirap, pinipilit niya silang magbayad. Kaya naman, hindi siya gusto ng mga tao at tinatawag siyang makasalanan.
Si Zaqueo ay nagkokolekta ng buwis sa mga tao at kumukuha ng pera mula dito. Kaya naman siya ay naging mayaman.
Patuloy na kinasusuklaman ng mga tao si Zaqueo, Kaya'y si Zaqueo ay nag-iisa lamang.
Isang araw, si Hesus ay pumaroon sa Jerico! Si Zaqueo ay napapaisip kung sino nga ba si Hesus sapagkat minsan niya ng narinig ang patungkol kay Hesus, kung paanong siya ay nagpapagaling ng may mga sakit sa kanilang bayan at nagtuturo ng salita ng Panginoon.
Hindi na nakapaghintay si Zaqueo at nagmadali upang makita si Hesus.
Subalit, hindi siya makalapit kay Hesus sapagkat maraming tao ang nakapalibot dito.
Si Zaqueo ay maliit lamang, kaya umakyat siya sa puno ng sycamore. Habang pinapanood ni Zaqueo si Hesus, tumigil si Hesus sa paglalakad, tumingin ito sa puno ng sycamore at kinausap si Zaqueo. "Zaqueo, bumaba ka dito! Nais kong manuluyan sa bahay mo sa araw na ito!" Kinausap ni Hesus si Zaqueo na parang matagal na silang magkaibigan nito.
Bumaba si Zaqueo at masayang sinalubong si Hesus. Ngunit ang lahat ng taong nakakita nito ay nagsimulang magbulungan.
Subalit hindi pinansin ni Hesus ang pagbubulungan ng mga ito. Sinalubong ni Zaqueo si Hesus ng buong puso at sinabi niya kay Hesus:

"Panginoon, ngayon ay ibinibigay ko ang kalahati ng aking mga ari-arian sa mga dukha, at kung ako ay nagdaya sa sinuman, babayaran ko ang apat na beses ng halaga. Sumagot si Hesus. "Zaqueo! Ngayon, ang kaligtasan ay dumating sa bahay na ito. Ang dahilan kung bakit ako naparito ay upang hanapin at iligtas ang nawala.

Si Zaqueo ay nagbago mula noong nakasama niya si Hesus.






**Gawain 1.**

Tulungan mo si Zaqueo na makita si Hesus.

**1.** Kulayan ang sycamore-fig tree at butasan sa ibaba. **2.** Gupitin at idikit si Zaqueo sa stick ng Ice cream. **3.** Tulungan mo si Zaqueo na umakyat at bumaba sa sycamore-fig tree.





Kagamitan: Gunting, May kulay na lapis, Stick ng Ice cream, pandikit.

finished image



**Gawain 2.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Saan umakayat si Zaqueo upang makita si Hesus?

------------------------------------------------------------

b. Punan ang mga patlang upang mabuo ang sinabi ni Hesus kay Zaqueo:

Sinabi ni ________________ kay Zaqueo "Ngayon ang ________________ ay naparito sa iyong

________________. Ikaw at miyembro ng ________________ angkan.

Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at ________________ ang ________________________.

c. Basahin ang Lukas 19:7-10 at sagutan. Anong sinabi ni Zaqueo patungkol sa kaniyang ari-arian matapos makapiling si Hesus?

------------------------------------------------------------

- **Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Lukas 19:10)**

**Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw.**